

TALAN NG NILALAMAN

TALAN NG NILALAMAN	1
BUOD NG EPRMP PARA SA PUBLIKO	2
1.0 FACT SHEET NG PROYEKTO	2
2.0 DESKRIPSYON NG PROYEKTO	3
2.1 Lokasyon at Lugar a ng Proyekto	3
2.2 Klase/Uri ng Proyekto	5
2.3 Mga Bahagi ng Proyekto	7
2.4 Tubig, Kuryente at Tauhan	7
2.5 Mga Alternatibo ng Proyekto	8
2.6 Mga Alternatibong Panggatong sa Kiln	8
2.7 Pagpili ng Teknolohiya	9
4.0 IMPACT AREA NG PROYEKTO AT ANALISIS NG MGA MAHAHALAGANG ENVIRONMENTAL IMPACTS	9
5.0 Mga Kinauukulan	11
6.0 IMPORMASYON KUNG SAAN MAKAKAKUHA NG KOPYA NG EPRMP PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON	13

BUOD NG EPRMP PARA SA PUBLIKO

1.0 FACT SHEET NG PROYEKTO

Pangalan ng Proyekto	:	Proposed Additional 1.5MT Finish Mill(Mill 6) Project
Lokasyon ng Proyekto	:	Barangay Minuyan, Norzagaray, Bulacan
Sakop ng Proyekto	:	10,000 m ²
Uri ng Proyekto	:	Industriya ng Semento
Kabuuang Produksyon	:	1.5 million tons
Kapasidad ng New Finish Mill 6	:	
Kabuuang Produksyon ng Semento	:	3.5 MT kada taon kasama ang New Finish Mill
Tagal ng Konstruksyon	:	2 taon
Petsa ng Operasyon	:	2019
Tagal ng Operasyon	:	25 taon (minimum)
Pangalan ng Proponent	:	Republic Cement & Building Materials, Inc.
Lugar	:	Brgy. Minuyan, Norzagaray, Bulacan
Contact Details	:	
Awtorisadong Kinatawan para sa ECC Application	:	Warlito D. Jaque – Vice President – Operations/Plant Manager

Ang Republic Cement & Building Materials, Inc. [dating kilala sa tawag na Lafarge Republic, Inc., “Republic Cement” o “Company” o “RCBM” o “Bulacan Cement Plant” o “Bulacan Plant”] ay isang korporasyon na inorganisa sa ilalim ng batas ng Pilipinas. Nairehistro ito ika-3 ng Mayo, 1955 sa Securities and Exchange Commission (SEC) upang makisali sa paggawa, pagpapaunlad at pagbebenta ng semento, marmol at lahat ng uri at klase ng materyales na ginagamit sa pagbuo ng gusali, pati na rin sa pagproseso o paggawa ng materyales para sa industriya at layuning pang komersyal. Noong ika-4 ng Pebrero, 2005, inaprubahan ng SEC ang pagpapalawig ng *corporate term* ng kompanya para sa susunod na 50 taon o hanggang 3 Mayo, 2055.

Inaprubahan ng SEC ang kaunting pagbabago (amendment) ukol sa pangalan ng kompanya na “Republic Cement Corporation” na nagging “Lafarge Republic, Inc.” noong ika-26 Hunyo, 2012. Muling inaprubahan ng SEC ang kanilang amendment na matukoy ang kanilang principal address sa Menarco Tower, 32nd St., Bonifacio Global City, Taguig, Metro Manila, Philippines. Ika-12 ng Nobyembre, 2015 nang inaprubahan ng SEC ang amendment ng kompanya na baguhin ang pangalan ng kompanya mula sa “Lafarge Republic, Inc.” sa “Republic Cement & Building Materials, Inc.”

Nakuha ng Republic Cement & Building Materials, Inc. (RCBM) – Bulacan Plant ang kanilang ECC noong Hulyo 03, 1996 (**Annex A**) para sa iminungkahi na Quarry and Cement Plant Expansion na matatagpuan sa Brgy. Minuyan, Norzagaray, Bulacan. Ang ECC ay may Index No. 9409-006105C at sinasakop nito ang 559 ektarya ng quarry at ang pagmina ng 1.75 milyong tonelada ng limestone kada taon. Isinasaad sa ECC ang paggamit ng “dry-type processing” at ang produksyon ng 4400MT ng clinker bawat araw.

Dahil sa proyekto, tataas ang produksyon ng semento na tutugon sa patuloy na pagtaas ng pangangailangan dahil sa urbanisasyon at sa “Build, Build, Build” na programa ng kasalukuyang pamahalaan. Mag aambag rin ito sa pag unlad ng pambansa at lokal na ekonomiya, at sa pagpapaunlad na walang sinisirang likas na yaman.

2.0 DESKRIPSYON NG PROYEKTO

2.1 Lokasyon at Lugar a ng Proyekto

Ang RCBM Bulacan Plant na sumasakop sa kabuuang sukat na humigit 559 hektarya, ay matatagpuan sa Barangay Minuyan, Norzagaray, Bulacan na nakatala na 121°05'15" longitude at 14°52'3" latitude. Ang nasabing barangay ay may mga nakapalibot na mga ibang barangay: sa hilagang kanluran ay ang Barangay Matictic; sa silangan ay ang Barangay San Mateo; sa kanluran ay ang Barangay Bitungol; at sa Timog naman ay ang Barangay Bigte (**Figure 1**). Ang iminumungkahi na Mill 6 Project ay itatayo sa loob ng nasasakupan ng RCBM – Bulacan Plant at may kabuuang 10,000sqm, kasama ang mga ibang gamit at pasilidad katulad ng conveyors, bagong *cement silo* at ang pinabuting packing facility ng Mill 6 Project.








Figure 1. Mapa ng Lokasyon ng Proyekto

ENVIRONMENTAL PERFORMANCE REPORT AND MANAGEMENT PLAN
QUARRY AND CEMENT MANUFACTURING WITH ADDITIONAL
1.5MT FINISH MILL 6 PROJECT

SCALE: 1: 24,000



DATA INFORMATION/SOURCE:
Basemap: GOOGLE EARTH IMAGERY, 2019
Source Figure: Norzagaray CLUP, 2011
Created by: APERCU CONSULTANTS, INC (2019)

PAGE 4

2.2 Klase/Uri ng Proyekto

Ang nasabing proyekto ay gagamit ng *roller press* sa *pre-grind* ng materyales ng semento, na susundan ng isang *ball mill* upang tapusin ang proseso ng paggiling (milling) (**Figure 3**). Inilalarawan sa **Figure 4** ang istruktura ng iminumungkahing proyekto na finish mill. Ang kasalukuyang mga imbakan ng materyales ay gagamitin para sa bagong Mill 6 Project, kasama rin ang mga *plant finish mills* na kasalukuyang nakatayo. Isasama rin dito ang mga bagong *conveyors* at *transport systems* na siyang maghahatid ang mga materyales sa bagong Mill 6. Isang bagong *fly ash silo* ang itatayo katabi ng Mill 6 Project.

Mula sa Mill 6, isang bagong *conveyor* ang itatayo na siyang maghahatid ng mga naisagawang semento papunta sa isang bagong ~ 12,000T *cement silo*. Ang semento ay may dalawang paraan ng pagkukumpuni:

- 1) ikakarga sa mga bulk trucks galing sa *cement silos* o kaya
- 2) ay dadalhin sa katabing *packhouse*, na kung saan ang mga semento ay ikukumpuni para ilagay sa mga bags gamit. An planta ay may isang *auto-palletizer* para sa mas mabilis, ligtas at mabisang pagkakarga ng mga bag ng semento sa mga *paleta* at madaling ilipat sa mga trak ng mga kostomer. Ang New Finish Mill 6 ay lalagyan ng mga *dust collection systems* na may kakayahan na panatilihin ang pangangalaga at kalinisan sa kapaligiran.

Ang dagdag na finish mill ay pupunan ang kasalukuyang operasyon sa planta, lalo na ang pagpapahusay ng kapasidad ng paggiling ng semento na walang karagdagang produksyon ng *clinker*.




Figure 2. Komponent at Process Flow ng Finish Mill (Mill 6)

ENVIRONMENTAL PERFORMANCE REPORT AND MANAGEMENT PLAN
QUARRY AND CEMENT MANUFACTURING WITH ADDITIONAL 1.5MT FINISH MILL 6 PROJECT

Legend:
 Blue Color – Existing Facilities
 Yellow Color – New Facilities

DATA INFORMATION/SOURCE:
 Source Figure: RCBM, 2019
 Modified by: APERCU
 CONSULTANTS, INC (2019)

REPUBLIC
 A CRH-ABBOTTIZ COMPANY

aperçu
 CONSULTANTS INC.

2.3 Mga Bahagi ng Proyekto

Ang **Table 1** ay listahan ng mga iba't-ibang bahagi ng bagong mill:

Table 1
Mga Bahagi ng Mill 6

Komponent	Bilang	Kapasidad
Conveyor equipment	Several, assorted	200-230 tph
Material bins and feeders	Several, assorted	
Roller press	1	3200 kW
Ball mill	1	2100 kW
High efficiency separator	1	335 kW
Dust collectors	24 units	2100m ³ /hr to 13,500m ³ /hr
Roller press dust collector	1	30,000m ³ /hr
Separator Bag Filter	1	195,000m ³ /hr
Separator Cyclones	1	3200mm
Ball mill bag filter	1	52,000m ³ /hr
Cement silo	1	10,000 T
Fly ash silo	1	750 T
Belt Conveyor	1	200 to 230 tph

2.4 Tubig, Kuryente at Tauhan

Table 2
Support Facilities ng RCBM

Resources	Description
2.4.1 Suplay ng Tubig	Ang RCBM ay kasalukuyang kumukuha ng tubig sa mga sumusunod: - o Lokal na suplayer ng tubig (25,208m³) - o Balon (101,011 m³) - o Ulan (370,110 m³) Ang ulan ay iniipon sa imbakan ng tubig (reservoir) na may nilalamang recycled water na 265,165 m³. Ito at ang tatlong pinagkukunan ng tubig ay bumubuo ng tubig pamproseso na umaabot sa 761,494 m³. Ang naiipong tubig ay ginagamit sa pagbuo ng semento, sa mga <i>dust suppression systems</i> sa tipon ng mga materyales, sa pagdilig ng mga halaman at kalsada, at ipinanghuhugas sa mga makina na may mga alikabok. Ang mga kasalukuyang pinagkukunan ng tubig ay patuloy na gagamitin at ang dami ng tubig na kakailanganin para sa konstruksyon ng expansion project ay manggagaling sa mga water service providers ng planta. Kung hindi sapat ang tubig galing sa service provider, gagamit ng tubig galing sa imbakan at galing sa balon. Walang karagdagang tubig na kakailanganin ang bagong Finish Mill dahil "closed loop" and water system ng RCBM kung saan ang nagamit na tubig ay bumabalik sa imbakan at

	paulit-ulit lang na ginagamit sa operasyon ng buong planta.
2.4.2 Kuryente	Ang iminumungkahing proyekto ay nasa loob ng nasasakupan ng RCBM – Bulacan Plant kung saan Meralco ang nagsusuplay ng kuryente.
2.4.3 Tauhan	Ang Contractor(s) ng RCBM ang mangangasiwa sa mga kailangan na tauhan para sa konstruksyon ng proyekto. Ang bilang ng tao na kakailanganin sa konstruksyon ay humigit kumulang 500 tao. Kukuha ng kwalipikadong mga manggagawa mula sa komunidad. Sa panahon ng operasyon gagamitin ang mga kasalukuyang tauhan na nasa planta.

2.5 Mga Alternatibo ng Proyekto

Ang RCBM – Bulacan Plant ang napili na pagtatayuan ng bagong Finish Mill 6 para iakma sa mga kasalukuyang pasilidad ng planta. Matatagpuan ito malapit sa 5 finish mill upang maging mahusay and pagdaloy ng buong proseso at upang magamit ang sobrang *clinker* ng planta. Sa ganitong paraan, masmadaming magagawang semento gamit ang sobrang *clinker*.

Ang *quarry* ay matatagpuan sa loob rin ng RCBM – Bulacan Plant, na kung saan marami ang reserba ng *limestone*. Sa pagtayo ng bagong finish mill, magagamit ang sobrang *limestone* sa quarry. Ang MPSA ng quarry ay nai-renew na para sa susunod na 25 taon (2019 – 2044), kaya nasasa-ayon lamang na magamit ang lahat ng namimina na *limestone* sa quarry. Ang nasabing planta ay mas magandang lugar sapagkat ito ay mas malapit sa merkado.

Kung ang proyekto ay hindi matutuloy, walang matatanggap na karagdagang buwis na siyang pinagkukunan ng pondo para sa mga *development programs* ng mga barangay at munisipalidad. Ang RCBM ay isa sa mga pinakamalalaking *taxpayers* sa Norzagaray, kung saan umaabot sa 10 milyong piso kada taon ang kanilang ibinubuwis. Ang hindi pagtuloy ng proyekto ay babawas sa pagkakataon para sa humigit kumulang na 500 tao na makapagtrabaho habang ang proyekto ay itinatayo, lalong lalo na ang mga trabahanteng may kwalipikasyon. Sa tulong ng proyektong ito, maaaring makapagbigay ng kaalaman at kamalayan ang RCBM sa mga tao tungkol sa iba't ibang paraan na mabawasan ang pagkasira ng kalikasan, sa pamamagitan ng IEC.

2.6 Mga Alternatibong Panggatong sa Kiln

Ang RCBM ay gumagamit ng mga alternatibong panggatong sa kiln, kasama na dito ang mga: *tire-derived-fuel*; *plastic-derived-fuel* (mga scrap tires at hindi naireresiklong plastic); *refuse-derived fuel*; at *biomass* (mga ipa, *manufacturing at industrial wastes* na pinahihintulutan sa kanilang co-processing at TSD permit).

Ang mga naidudulot na kabutihan ng ganitong pamamaraan ay:

1. Kabawasan sa paggamit ng *fossil fuel*, na makakabawas din sa paglalabas ng CO₂ at iba pang mga *greenhouse gases* sa hangin
2. Maima-maximize ang *energy recovery* mula sa *industrial by-products* at *qualifying wastes*
3. Mababawasan ang pagdepende sa tinatawag na *fossil fuels*, katulad ng langis at karbon; at pahabain ang tagal ng mga pinagkukunan ng *fossil fuels*
4. Ang paggamit ng RDF at *plastic-derived fuels* na nagreresulta sa pagbawas ng mga basura sa mga sanitary landfills ng Pilipinas at nagiging parte ng solusyon sa waste management ng bansa.
5. Bawasan ang pagkakaroon ng baha na dulot ng maling pagtatapon ng basura; at
6. Mapangangalagaan ang mga likas na yaman at enerhiya

2.7 Pagpili ng Teknolohiya

Ang iminumungkahing *finish mill* ay kombinasyon ng isang *roller press* at isang *ball mill*. Ang mga teknolohiyang pang alternatibo na isinaalang-alang ay ang mga sumusunod:

- *Ball mills*
- *Vertical mills*
- *Horomills*

Ang mga nabanggit ay napili dahil sa kanilang kahusayan sa operasyon, sa pangangailangan lamang ng kaunting maintenance, at dahil akma ito sa kasalukuyang *cooling water closed-loop system* ng kasalukuyang planta.

4.0 IMPACT AREA NG PROYECTO AT ANALISIS NG MGA MAHAHALAGANG ENVIRONMENTAL IMPACTS

Ang lugar kung san itatayo at mag ooperate ang *Finish Mill 6 facilities* ay itinuturing na **direct impact area (DIA)**. Base sa naging resulta ng *air quality modelling*, ang barangay Minuyan, kung saan nakatayo ang kasalukuyang planta, ay itinuturing din na **DIA** dahil sa sakop ng alikabok (TSP) na nagmumula sa mga pasilidad ng planta.

Dahil sa *closed-loop water system* na ginagamit ng planta, ang impact area ay napanatili lamang sa loob ng nasasakupan ng planta kapag aspeto ng tubig ang tinuturing.

Ang lokasyon ng kasalukuyang planta ay itinuturing na industriyal. Ang mga inaasahang impacts sa panahon ng konstruksyon at operasyon ng iminumungkahing proyekto ay ipinapakita sa **Table 3**, kasama na rin ang Mill 6.

Table 3
Mga Impact at Mitigating Measures sa panahon ng Konstruksyon at Operasyon ng New Finish Mill 6

Apektadong Aspeto ng Environment	Potensyal na Impact	Mitigating Measures
Yugto ng Konstruksyon		
A. Lupa	Pagbagal ng daloy ng trapiko dulot ng mga sasakyan na gagamitin sa mga aktibidad sa konstruksyon Pagkakaroon ng karagdagang basura na galing sa konstruksyon	▪ Paglalagay ng mga palatandaang pangtrapik (mga tamang daanan sa pagpasok at paglabas; parking areas, atbp.) ▪ Magpatupad ng speed limit para sa mga sasakyan ▪ Ihiwalay ang mga construction waste at lagay sa kanilang MRF facility
B. Tubig	Sewage effluent na galing sa mga gawain sa konstruksyon	▪ Maglagay ng pansamantalang mga sanitary facilities (portable toilets) ▪ Siguraduhin na ang paglilinis at pag aayos ng mga pasilidad na ito ay pinamamahalaan ng isang licensed contractor
C. Hangin	Polusyon sa hangin na dulot ng mga nagkalat na alikabok galing sa mga ground clearing operations at pagtatayo ng mga istruktura Pagkakaroon ng karagdagang mga alikabok sa hangin galling sa kalsada at mga trucks	▪ Pagpigil o pagtatanggal ng mga alikabok sa mga lugar na may gawaing pangkonstruksyon ▪ Pagsiksik ng mga lupang binungkal ▪ Paglagay ng takip sa mga track na may dalang mga materyales ▪ Agad na pagkuha ng mga binungkal na lupa. ▪ Magtalaga ng bilis (speed limit) para sa mga sasakyan na gagamiting pang konstruksyon/

	Polusyon sa hangin dulot ng mga malalaking makinarya at mga inilalabas ng mga standby power generators	▪ Panatiliing nasa mabuting kondisyon ang mga sasakyan at kagamitang pangkonstruksyon ▪ Huwag pabayaang umaandar ang mga makina at mga kagamitan na hindi ginagamit.
	Ingay mula sa mga gawain sa konstruksyon ng proyektong	Panatiliing nasa mabuting kondisyon ang mga sasakyan at kagamitang pangkonstruksyon ▪ Paglalagay ng mga hadlang na takip para sa kagamitang maingay at maugong ▪ Italaga ang mga maingay na gawain sa umaga
D. Tao	Mg isyu sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng mga construction workers	▪ Magsagawa ng safety training programs sa mga bagong trabahador. ▪ Ipaalam sa mga ng trabahador ang umiiral na pamamalakad ng planta. ▪ Magbigay ng tamang sanitasyon, sapat na supply ng tubig at maayos na lalagyanan ng basura. ▪ Siguraduhin na ang lahat ng trabahador ay nakasuot ng PPE. ▪ Siguraduhin na ang mga trabahador ay makakakonsulta sa klinik ng RCBM.
Yugto ng Operasyon		
A. Lupa	Mga panganib dulot ng kontaminasyon galing sa hazardous waste.	▪ Maglapat ng maayos na imabakan at paghawak ng hazardous waste. ▪ Wastong pagkategorya ng basura para sa maayos na pagtapon at pagtreat ng basura. ▪ Maglaan ng maayos na imabakan ng basura bago ito ibigay sa mga waste treaters at disposal contractors. ▪ Siguraduhin na ang mga trabahador at mga gamit na kailangan para sa oil spill response ay laging handa.
B. Tubig	Potensyal na kontaminasyon sa mga nalalapit na water bodies galing sa alikabok Kontaminasyon sa mga malalapit na tubigan (Pintong Pala-pala Creek and Water Reservoir) galing sa alikabok Kontaminasyon galing sa alikabok mula sa paglilipat ng panggatong at ibang materyales.	▪ Siguraduhing may takip ang mga sasakyan at pagbanlaw sa mga gulong at ilalim ng trak bago lumabas ng planta.
C. Hangin	Polusyons sa hanging galing sa operasyon ng Kiln Polusyons sa hanging galing sa Coal Mill	▪ Maayos na operasyon ng ESP, Bag filter and dust collectors ▪ Maayos na operasyon at pagpapanatili ng CEMS
	Polusyons sa hanging galing sa TSP at PM10 galing sa non-regulated sources (vents, conveyors, silos, finish mills, fugitive sources)	▪ Regular na pagsisiksik ng lupa ng mga hindi sementadong daanan ▪ Paggawa at pagpapatupad ng mga maintenance

		program para sa mga motorsiklo, kasama na rito ang emission testing ▪ Regular na pagtitingin at pag aayos ng mga conveyor systems at vents
	Polusyon sa Ingay	▪ Pumili ng mga kagamitang hindi maingay ▪ Pag gamit ng epektibo na hadlang para sa maingay na kagamitan ▪ Pagtatanim ng tamang mga puno o halaman para maging buffer.
	Maaring magkontribute sa climate change galing sa greenhouse gas emissions.	▪ Ipagpatuloy ang GHG inventory program. ▪ Magbalangkas at magsagawa ng greening program
D. Tao	Trabahong hindi ligtas para sa mga trabahador na nakatutok sa pagpoproseso ng buong cement plant.	▪ Magbigay ng maayos na sanitasyon at medikal na pasilidad para mga mga trabahador. ▪ Maayos na pagtapon ng basura at pagtatalaga ng mga maayos na tapunan ng basura. ▪ Patuparin ang safety protocols sa lahat ng oras. ▪ Pagbibigay ng mga babala at preventive measures para maiwasan ang sunog at potensyal na mga pagsabog

5.0 Mga Kinauukulan

Base sa tinalakay sa **Seksyon 4.0**, kasama sa impact area ng proyekto ang host na barangay na ang Minuyan, Napanatili sa loob ng planta ang impact area dahil sa kanilang *closed-loop system* na ginagamit sa planta.

Bilang pagsunod sa mga kasunduan ng DAO 2017-15, ang mga kinauukulan o stakeholders na iimbitahin para sa gaganapin na Public Hearing ay ipinapakita sa **Table 4**.

Table 4
Mga Stakeholders para sa Public Hearing

Stakeholders	Address
Concerned National Government Agencies/ Offices and Government Unit	
DENR-EMB Central Office	Diliman, Quezon City
DENR-MGB Central Office	Diliman, Quezon City
Concerned Regional and Provincial Government Agencies/ Offices and Government Unit	
Office of the Governor	City of Malolos, Bulacan
DENR-EMB Region III Director	City of San Fernando, Pampanga
DENR Region III Director	City of San Fernando, Pampanga
DENR-PENRO Bulacan	City of Malolos, Bulacan
Concerned offices in Norzagaray Municipality	
Office of the Mayor	Norzagaray, Bulacan
Vice Mayor	Norzagaray, Bulacan
Department Heads	Norzagaray, Bulacan
MENRO	Norzagaray, Bulacan
Municipal Engineer	Norzagaray, Bulacan
Municipal Tourism Officer	Norzagaray, Bulacan
Public Employment Service Office (PESO)	Norzagaray, Bulacan

Municipal Social Welfare and Development Office	Norzagaray, Bulacan
Municipal Health Office	Norzagaray, Bulacan
Municipal Planning and Development Office	Norzagaray, Bulacan
Barangay Minuyan LGU	Norzagaray, Bulacan
Concerned Communities and Peoples Organization	
Religious Groups	Municipality of Norzagaray, Bulacan
Academe and School Heads	Municipality of Norzagaray, Bulacan
Parent-Teacher Associations	Municipality of Norzagaray, Bulacan
Residents of Brgy. Minuyan	Municipality of Norzagaray, Bulacan
Cooperatives	Municipality of Norzagaray, Bulacan
Business groups/sectors	Municipality of Norzagaray, Bulacan
Transport Sector (TODA)	Municipality of Norzagaray, Bulacan
Women	Municipality of Norzagaray, Bulacan
Senior Citizens	Municipality of Norzagaray, Bulacan
Youth	Municipality of Norzagaray, Bulacan
OFW groups	Municipality of Norzagaray, Bulacan
Cultural Sector	Municipality of Norzagaray, Bulacan
Civic groups	Municipality of Norzagaray, Bulacan
NGOs	Municipality of Norzagaray, Bulacan

6.0 IMPORMASYON KUNG SAAN MAKAKAKUHA NG KOPYA NG EPRMP PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Ang draft na Environmental Performance Report and Management Plan (EPRMP) at ESP na ito ay ipapaskil sa EMB website (www.emb.gov.ph) 20 araw bago mag public hearing. Bago matapos ang review, magkakaroon ng kopya ng EPRMP na available sa publiko sa mga sumusunod na government unit at agencies:

Agency	Address
DENR – EMB	DENR Compound, Visayas Avenue, Diliman, 1100 Quezon City, Philippines
Provincial Government of Bulacan	City of Malolos, Bulacan
Municipal Government of Norzagaray	Norzagaray Municipal Hall, Norzagaray, Bulacan
Barangay Office of Minuyan	Minuyan Barangay Hall, Del Monte – Norzagaray Rd, Norzagaray, Bulacan

Ang kopya ay makikita at magkakaroon rin sa opisina ng RCBM sa 15/F Menarco Tower, 32nd Street, Bonifacio Global City, Taguig City.